Kasalanan

6 Cycle Mind

Maari bang makausap ka di na biro ang nararamdaman
Nalungkot sa aking buhay mula nang ikay matauhan

Patawarin mo ako sa aking nagawang kasalanan (kasalanan)
Patawarin mo ako sa aking nagawang kasalanan (kasalanan)

Maari bang mapigilan pa ang yong di maaming binabalak
Nakalimutan mo na ang pagsasama di na ba kayang mapagbigyan

Patawarin mo ako sa aking nagawang kasalanan (kasalanan)
Patawarin mo ako sa aking nagawang kasalanan (kasalanan)

Patawad ay isang salitang animoy isang parusa itoy
Sasambitin mo lang kung lahat ay huli na at di na
Maibabalik ang dating pinagsamahan parang putik sa
Mukha na pinahid ng pabalang.

Sa iyo lahat ay paharang dahil ayaw mong magparaya
Babang siyay bigay ng bigay at ipinauubaya lahat ng
Makakabuti kahit pa ang huling butil ay iaabot sa iyo.

Parang ikay isang inutil na hindi nagiisip wala kang
Nararamdaman subukan mang pumikit wala kang
Natatandaan lagi mong inaalala ang para lamang sa yo
Walang iba kundi ikaw at kailanmay walang kayo

Mapalad ka kung hihingan mo ng tawad ay nagagalit
Pag nasasaktan sumisigaw ng salitang pumupunit kahit
Sabihin mong kausapin ay di na sasagot akapin
Man ng mahigpit ay di mo na maabot (Patawad)

Di na mauulit
Di na uulitin
Sanay tanggapin mo

Patawarin mo ako sa aking nagawang kasalanan (kasalanan)
Patawarin mo ako sa aking nagawang kasalanan (kasalanan)

Tayoyy nagkagulot nagsigawan at halos magtulakan sa
Galit ko akoy lumayas at di ka binalikan

Sinuyog ang lahat ng pangako at ang pagmamahal
Sumpaan natin sa isat isa di rin nagtagal

Ang gabi ay laging umaga umagay laging gabi
Akoy gumugising ng di ko kilala ang katabi
Paulit ulit na ganito ngunit ng aking makita larawan
Mo sa loob ng aking lumang pitaka ay nalaman ko

Hinanap ko ang tunay na sarili ko nakita ko nalaman ko
Ito ay nasa piling mo inipon ang lahat ng aking lakas
Ng loob ngunit bakit parang hindi rin maganda ang
Aking kutob.

Nilapitan ka at pilit na tinitingan sa mata
Akoy nagdarasal na sabihin mo sa kin pwede pa
Ikay hindi kumikibo at parang lumalayo tila pagibig
Mo sa kin tuluyan na natuyo

Lyrics submitted by lorraine.

Lyrics provided by
https://damnlyrics.com/